



# Fact Sheet

## SPOUSAL SUPPORT [PINANSYAL NA SUPORTA SA ASAWA]

Ang Fact Sheet na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa spousal support [pinansiyal na suporta sa asawa] sa ilalim ng [Divorce Act](#).

Ang [Divorce Act](#) ay umaaplay sa mga mag-asawa na [nagdidiborsyo](#). Ang mga pang-province o pang-territory na batas ay umaaplay sa mga hindi kasal o magka-live-in na naghiiwalay at sa mga mag-asawa na naghiiwalay ngunit hindi nagdidiborsyo.

### Ano ang spousal support?

Ang “spousal support” ay ang pera na maaaring dapat bayaran ng asawa sa kanyang asawa para sa pinansiyal na suporta nito pagkatapos nila maghiwalay o magdiborsyo. Ito rin ay tinatawag minsan na “alimony” o “maintenance.” Ang spousal support ay karaniwang binabayaran bawat buwan, pero maaari rin itong bayaran bilang lump sum.

### Bakit maaaring kailangang magbayad ang isang asawa ng spousal support sa kanyang asawa?

Ang isang asawa ay maaaring kailangang magbayad ng spousal support kapag ang ganoong pagbayad ay tumutupad sa isa o higit pa sa mga pangunahing layunin ng spousal support na nakatakda sa [Divorce Act](#). Ang mga ito ay:

- Upang mabigyan ng kompensasyon ang isang asawa na nagsakripisyo ng kanyang kakayahang kumita noong sila’y kasal;
- Upang mabigyan ng kompensasyon ang isang asawa para sa kasalukuyang pangangalaga sa mga anak, bukod at higit pa sa anumang obligasyon sa child support; o kaya,
- Upang tulungan ang isang asawang nangangailangan ng pinansiyal na tulong dahil sa pagkasira ng pag-aasawa.

Ngunit ang mga asawang tumatanggap ng support ay mayroong obligasyon na makarating sa panahon kung saan masusuportahan nila ang kanilang sarili, kung ito’y makatwirang gawin.

## **Sino ang makakahingi ng spousal support?**

Kapag ang mag-asawa ay nagdiborsyo, ang alinmang asawa ay maaaring humingi ng spousal support sa ilalim ng [Divorce Act](#). Sa karamihan ng mga kaso, ang spousal support ay hinihiling ng asawang may mas mababang kita. Sa bawat kaso, dapat isaalang-alang ng huwes ang ilang mga factor upang matiyak kung dapat magbayad ng spousal support; kabilang sa mga ito ang:

- Pinansiyal na kakayahan, pangangailangan, at katayuan ng kapwa mag-asawa;
- Ang katagalan ng panahon na magkasamang nanirahan ang mag-asawa;
- Ang mga tungkulin ng bawat asawa noong sila'y kasal;
- Ang epekto ng mga tungkuling iyon at ang epekto ng pagkasira ng pag-aasawa sa kasalukuyang pinansiyal na posisyon ng kapwa mag-asawa;
- Ang mga kasalukuyang responsibilidad para sa pangangalaga ng mga anak, kung mayroon man;
- Anumang dating kautusan, mga kasunduan, o mga pag-aayos na nagawa na tungkol sa spousal support.

## **Paano kinakalkula ang spousal support?**

Ang kalkulasyon ng spousal support ay isa sa mga pinaka-komplikadong bagay sa family law (batas ukol sa pamilya). Maraming mga factor ang kailangang isaalang-alang upang matiyak ang halaga na makatwiran at angkop sa bawat kaso. Ginagamit ng karamihan ng mga korte sa Canada at ng karamihan ng mga propesyonal para sa batas ukol sa pamilya ang [Spousal Support Advisory Guidelines](#) (*Mga Nagbibigay-Payô na Patnubay sa Spousal Support*) kapag kinakalkula ang spousal support. Hindi tulad ng [Federal Child Support Guidelines](#) (*Pederal na Mga Patnubay sa Child Support*), ang [Spousal Support Advisory Guidelines](#) ay hindi isang batas. Tinutulungan nilang kalkulahin ang mga angkop na halaga sa spousal support, ito man ay para sa mga kautusan ng korte o para sa out-of-court settlements at mga kasunduan.

## **Maaari ko ba mismong gamitin ang *Spousal Support Advisory Guidelines* upang kalkulahin ang spousal support?**

Ang [Spousal Support Advisory Guidelines](#) ay maaaring konsultahin ng kahit sino man. Gayunman, dahil napakakomplikado ng pagkalkula sa spousal support, mahalagang-mahalaga na kumonsulta ka sa isang propesyonal sa family law.

## **Paano umaaplay sa spousal support ang mga patakaran ukol sa tax?**

Ang [Canada Revenue Agency](#) ay mayroong impormasyon upang matulungan kang malaman kung paano isasama o ibabawas ang mga bayad sa support na binabayaran o natatanggap mo sa iyong kita sa iyong income tax return.

## **Kailangan ko bang bayaran ang kapwa child support at spousal support nang sabay?**

Sa karamihan ng mga kaso, sabay na binabayaran ng mga tao ang kapwa child support at spousal support. Gayunman, binibigyan ng [Divorce Act](#) ng priyoridad ang pagbayad ng child support. Ang ibig sabihin nito'y sa mga kaso kung saan kulang ang pera ng isang tao upang bayaran niya ang kapwa child at spousal support, ang pera ay ibibigay muna para sa pagbayad ng child support.

## **Gaano katagal babayaran ang spousal support?**

Ang katagalan ng support ay ibabatay sa facts ng kaso, tulad ng katagalan ng panahon na magkasamang nanirahan ang mag-asawa, o ang kanilang mga edad sa panahon ng paghiwalay. Sa ilang mga kaso, ang spousal support ay maaari lamang bayaran para sa limitadong panahon. Sa ibang mga kaso, ang spousal support ay maaaring magpatuloy, maliban kung may pagbabago sa mga pangyayari at ang korte ay gumawa ng ibang utos o ang kasunduan ay na-update upang maitulad ito sa pagbabago.

## **Kailan ko maaaring itigil ang pagbayad ng spousal support?**

Kung ikaw ay nagbabayad ng spousal support na nakatakda sa isang nakasulat na kasunduan o sa isang utos ng korte, dapat mong ipagpatuloy ang pagbabayad maliban kung:

- Ang utos ay binago ng isang hukuman;
- Nagkasundo kayo ng iyong dating asawa na baguhin ang kasunduan; o
- Ang mga kondisyon sa pagtigil ng pagbayad, tulad ng nakatakda sa utos o kasunduan, ay natupad na.

Maaari lamang baguhin ng isang hukuman ang utos para sa spousal support kapag ang dahilan para dito ay isang malaking pagbabago sa katayuan ng sino man sa mag-asawa. Halimbawa, kung ang nagbabayad ng support ay nawalan ng trabaho pagkatapos ginawa ang utos sa support at hindi na niya kayang bayaran ang halaga na iniutos, maaaring pagpasiyahan ng korte na dapat baguhin ang utos na magbayad ng support.

Kung ikaw at ang iyong dating asawa ay may kasunduan para sa spousal support, at ang sino man sa inyong dalawa ay nakaranas ng pagbabago sa inyong katayuan, maaaring mainam para sa inyo na baguhin ang inyong kasunduan upang maitulad ito sa inyong bagong sitwasyon. Gayunman, ikaw at ang iyong dating asawa ay dapat sumang-ayon sa anumang mga iminumungkahing pagbabago sa inyong kasunduan bago sila magkabisa.

Kung malinaw na ipinapahayag ng inyong utos o kasunduan na ang spousal support ay magtatapos sa isang partikular na petsa, o kapag nangyari ang isang partikular na pangyayari, ang pagbabayad ng support ay maaaring huminto sa panahong iyon. Halimbawa, kung ispesipikong nakapahayag sa iyong utos o kasunduan na ang spousal

support ay magtatapos sa Disyembre 1 ng taong 2020, ang iyong obligasyong magbayad ng spousal support ay magtatapos sa panahong iyon.

***Para sa libreng karagdagang impormasyon tungkol sa diborsyo at paghihiwalay, panoorin ang maikling [video](#) na ito mula sa Justice Canada, o bisitahin ang aming website:***

**[Canada.ca/family-law](https://canada.ca/family-law)**

**Pagbubunyag:** Hindi ito legal na teksto at hindi ito nagbibigay ng legal na payô. Dahil ang family law ay maaaring komplikado, ang karaniwang pinakamainam na gawin ng mga indibidwal ay ang humingi ng payô tungkol sa kanilang sitwasyon mula sa isang abogado sa family law. Ang mga abogadong ito ay ang pinakamainam na makapagbibigay ng legal na payô tungkol sa mga karapatan at mga obligasyon. Ang karamihan ng mga pang-province at pang-territory na bar associations ay nag-aalok ng [Lawyer Referral Services](#) (makapagbibigay sila ng mga pangalan ng abogado). Ang ilang mga abogado ay maaaring makonsulta nang libre o nang mas mababâ ang rate sa unang beses, o maaaring pagpasiyahan ng mga tao na mangonsulta sa isang abogado nang ilang beses lamang upang matulungan sila nito sa ilang mga aspeto ng kanilang ispesipikong sitwasyon.